



Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF ROXAS

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA- 6 NA REGULAR NA SESYON NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 16 PEBRERO 2009, 10:30 NG UMAGA SA BARANGAY HALL NG BARANGAY SAN VICENTE.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Violeta L. Dimapilis - Tagapangulo
Konsehal Agustin L. Cusi
Konsehal Jocelyn G. Solabo
Konsehal Angeles D. Bautista
Konsehal Hernan C. Erorita
Konsehal Bernabe S. Mortel
Konsehal Napoleon M. Dimapilis
Konsehal Mary Jamaica Jeigh Q. Sarmiento - Pangulo, Mun. SK Federation

Absent:

Konsehal Cesar T. Baticos
Konsehal Edren Y. Faderon
Konsehal Larry V. Salazar -Pangulo, Liga ng mga Barangay

KAPASYAHAN BLG. 006
Taong 2009

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG PASASALAMAT SA BUMUBUO NG SANGGUNIANG BARANGAY AT LAHAT NG MGA KAWANI NG PAMAHALAANG BARANGAY SA KANILANG MAINIT NA PAGTANGGAP AT PAKIKIISA SA GINANAP NA REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN SA SITIO DALAHICAN, BARANGAY SAN JOSE.

SAPAGKA'T, ang Sangguniang Bayan ng Roxas ay nagdaos ng kanilang regular na pagpupulong sa Sitio Dalahican, Barangay San Jose noong Pebrero 02, 2009 bilang tugon upang mailapit ang Pamahalaang Bayan sa mamamayan ng barangay;

SAPAGKA'T, ang bumubuo ng Sangguniang Barangay ng San Jose sa pamumuno ni Kgg. Manuel V. Clemente bilang Punong Barangay kasama ang kanilang mga kawani ay nagpamalas ng pakikiisa at mainit na pagtanggap sa isinagawang pagpupulong ng Sangguniang Bayan ng Roxas sa kanilang barangay;


SAPAGKA'T, sa ipinakitang kakayahan ng Sangguniang Barangay ng San Jose na tumulong sa Sangguniang Bayan sa pamamagitan ng maayos na talakayan at palitan ng kuro-kuro upang maresolba ang mga suliranin sa barangay ay umani ng paghanga at pasasalamat sa bumubuo ng Sangguniang Bayan.

IPINASYA, tulad ng pagpapasiyang ito na ipaabot ang tauspusong pasasalamat sa bumubo ng Sangguniang Barangay at lahat ng mga kawani ng Pamahalaang Barangay sa kanilang mainit na pagtanggap at pakikiisa sa ginanap na regular na pagpupulong ng Sangguniang Bayan sa Barangay San Jose.


IPINASYA RIN na padalhan ng sipi ng kapasyahang ito ang Sangguniang Barangay ng San Jose sa pamumuno ni Punong Barangay Manuel V. Clemente para sa kanilang kaalaman.

Pinagtibay ng lahat : 16 Pebrero 2009

PINATUTUNAYANG WASTO:


FERDINAND V. TALENS, MPA
Kalihim ng Sangguniang Bayan

PTNAGTIBAY:


VIOLETA L. DIMAPILIS
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapangulo

merz/021609

For Barangay San Jose -